

\ 3 Hakbang /

na Dapat Isaalang-alang sa Pagsapi sa Social Insurance

STEP
1

Suriin ang tinatayang buwanang Take-Home Pay pagkatapos ng pagsali sa Social Insurance (Health Insurance at Employees' Pension Insurance).

Bago Sumapi
Pagkatapos Sumapi

▼ Kung Sumapi sa National Health Insurance at National Pension

Buwanang Sahod	98,000 yen
Bayarin sa National Health Insurance	3,200 yen
Kontribusyon sa National Pension	18,000 yen
Bayarin sa Unemployment Insurance	500 yen
Income Tax	0yen
(Tinatayang) Take-Home Pay	76,300 yen

▼ Pagtratrabaho Bilang Dependent ng Kasapi sa Social Insurance

Buwanang Sahod	98,000 yen
Bayarin sa Health Insurance	0 yen
Kontribusyon sa Employee's Pension	0 yen
Bayarin sa Unemployment Insurance	500 yen
Income Tax	0 yen
(Tinatayang) Take-Home Pay	97,500 yen

Ano ang mangyayari sa ating kontribusyon sa Social Insurance Premiums?



▼ Pagtratrabaho bilang Kasapi ng Social Insurance

Buwanang Sahod	98,000円
Bayarin sa Health Insurance	5,000 yen
Kontribusyon sa Employee's Pension	9,000 yen
Bayarin sa Unemployment Insurance	500 yen
Income Tax	0 yen
(Tinatayang) Take-Home Pay	83,500円

Babayaran ba ng kumpanya ang kalahati ng premium ng Insurance?



Subukan nating **Kalkulahin ang Pagbabago ng ating Take-Home Pay!**



Simpleng Simulator upang malaman ang Take-Home Pay

<https://www.mhlw.go.jp/tekiyokakudai/jugyouin/henka/#simulator2>



*Kasama sa mga premium ng National Health at Health Insurance ang kontribusyon para sa suporta at pangangalaga ng bata.

*Tungkol Income Tax, dahil sa pabago bagong halaga ng sahod sa bawat buwan at iba pang bagay, ang adjustment ay ginagawa sa katapusan ng taon. Sa kadahilanang ito naiiba ang halaga ng buwis sa halimbawa na ipapakita dito.

Dahil ang halaga ng Residential Tax para sa susunod na taon ay batay sa kita ng nakaraang taon, hindi ito isinasama sa pormula ng pagkalkula ng Take-Home Pay.

*Para sa mga detalye ng bawat halaga, mangyaring makipag-ugnayan sa Human Resources department ng iyong kumpanya o sa iyong lokal na munisipalidad.

*Ang mga halaga para sa iba't ibang premium ng Insurance ay ini-round-off. Tandaan na ang premium ng National Pension Insurance ay 17,920 yen bawat buwan (para sa Fiscal Year 2026).

STEP
2

Suriin natin ang mga pagkakaiba sa saklaw na dulot ng pagsapi sa Social Insurance.

Bago Sumapi
Pagkatapos Sumapi

¥ Halaga ng Pensiyon (40 taon na kasapi)

Kung kasapi sa National Health Insurance at National Pension

Pagtratrabaho bilang Dependent ng kasapi sa Social Insurance

Humigit-kumulang **840,000yen** bawat taon
Halimbawa ng pagsapi sa National Pension lamang

Nagtatrabaho habang nakasapi sa Social Insurance

*Halimbawa batay sa buwanang sahod na 98,000 yen

Humigit-kumulang **960,000yen** bawat taon **Tataas ng 120,000 yen**
Kung sa loob ng 40 taon ay kasapi ng 20 taon sa Employee's Pension

¥ Benepisyo sa Pagkakasakit

Hindi Saklaw

Kung hinid makapasok sa trabaho ng 4 o higit pang mga araw dahil sa pagkakasakit o pagkakaroon ng pinsala sa katawan ay **makatanggap ng benepisyo** (Kabuuang bayad na 58,860 yen bayad para sa 27 araw)

2,180yen Kabuung bayad na 58,860yen para sa 27 ar

*Upang kalkulahin ang halaga ng matatanggap na pensiyon sa hinaharap, pakitingnan ang likod na bahagi

*Ang halaga ng benepisyo sa pagkakasakit ay karaniwang humigit-kumulang 2/3 ng sahod.



1-minutong video upang maintindihan panoorin dito



STEP
3

Pag-usapan ang makakabuti sa trabaho kasama ang pamilya at mga taong malalapit sa iyo.

Kung ang miyembro ng pamilya ay nakatanggap ng family allowance mula sa kanyang kumpanya, ang pagsapi sa Social Insurance ay maaaring magdulot ng pagkawala ng allowance na ito, kaya pag-usapan sa pamilya ang kaayusan na ito sa trabaho.



! Kalkulahin ang halaga ng matatanggap na pensiyon sa hinaharap !

Kung **Mayroong** the Annual Pension Statement (Nenkin Teikibin)



Para kay Ms. A, 35 taong gulang

Nagtatrabaho bilang dependent sa Health Insurance ng kanyang asawa mula pa noong siya ay 27. Kasalukuyan niyang pinag-iisipan ang pagsapi sa sistema ng Social Insurance sa edad na 35 pataas habang nagtatrabaho

STEP 1

Unang HAKBANG: Halimbawa, kung kukuwentahin natin batay sa palagay na si Ms. A ay nagtatrabaho bilang nakadepende sa kanyang asawa mula sa edad na 27 hanggang 59



STEP 2

I-access ang simulator sa pamamagitan ng pagpunta sa 'Nenkin Teikibin'



STEP 3

Ilagay ang petsa ng kapanganakan



STEP 4

Kung pupunta sa link, ipapakita ang kinalakulang halaga base sa pag-aakalang magpapatuloy ang kasalukuyang kondisyon na maging miyembro hanggang sa edad na 60 taong gulang



STEP 5

Sa mga sasapi sa edad na 35 taong gulang pataas, idinagdag na ilagay ang katayuan sa trabaho at uri na pamumuhay bilang mga kondisyon.




STEP 6

Piliin ang Employees' Pension Insurance program at ilagay ang tinatayang annual income para sa edad na 35 hanggang 59 taong gulang



STEP 7

Ipakikita ang tinatayang halaga pagkatapos sumapi sa programa.



※令和6年度の年金額



Dito para manood ng 1-minutong video na nagpapakita kung paano gamitin ang Public Pension Simulator gamit ang link na ito sa iyang Pension Statement



Kung **wala kang** your Annual Pension Statement (Nenkin Teikibin)

Maaari mong kalkulahin ang halaga ng matatanggap na pensiyon sa pamamagitan ng paglagay ng panahon ng pagiging miyembro at iba pang detalye sa website ng Public Pension Simulator.



Pampublikong Pensyon Simulator

<http://nenkin-shisan.mhlw.go.jp/>



Gabay Kung Paano Gamitin ang Pampublikong Pensyon Simulator

https://www.mhlw.go.jp/kouteki_nenkin_simulator_guide/index.html



MHLW

厚生労働省

Ministry of Health, Labour and Welfare of Japan

Bersyon noong Abril 2026